

Mga Biotek/GM Na Pananim, Umabot Sa 185.1 Milyong Ektarya Sa Taong 2016

Tumaas Ang Total Na Lawak Mula 2015 Dahil Sa Patuloy Na Pagtanim Ng Mga Magsasaka Ng Biotek Na Pananim

Beijing (Mayo 4, 2017) -- Inilathala ng International Service for the Acquisition of Agri-biotech Applications (ISAAA) ang taunang report nito na nagpapakita ng higit 100 beses na pagtaas sa rate ng "*adoption*" o paggamit ng biotek na pananim sa buong mundo sa loob lamang ng dalawampu't isang taon ng komersalisasyon – mula sa 1.7 milyong ektarya noong 1996 na umabot sa 185.1 milyong ektarya sa 2016. Ang "Global Status of Commercialized Biotech/GM Crops: 2016" na isa sa mga reports ng ISAAA ay patuloy na nagpapakita ng pangmatagalang benepisyong ng biotek na pananim sa mga magsasaka sa mga umuunlad (*developing*) at mauunlad (*industrialized*) na bansa, gayundin ang mga pakinabang ng mga consumers o mamimili sa mga naaprubahan at komersyalisadong barayti ng mga pananim.

"Ang mga biotek na pananim ay naging mahalagang mapagkukunan ng mga magsasaka sa buong mundo dahil sa mga maraming benepisyong nito para sa mas pinabuting ani at kita, at maging sa konserbasyon," ayon kay ISAAA Chair of the Board, Paul S. Teng. "Dahil sa pag-apruba at pagtanim ng mga bagong barayti ng patatas at mansanas na biotek para ilabas sa merkado, makikinabang ang mga mamimili sa mga direktang benepisyong ng bioteknolohiya, kabilang na ang pagkakaroon ng pagkain na hindi madaling mabulok o masira, na may potensyal upang mabawasan ang nasasayang na pagkain at gastos sa pamilihan."

Ayon sa report ng ISAAA, ilan sa iba pang mga benepisyong dulot ng bioteknolohiya at paggamit ng biotek na pananim ay ang naidulot nitong pagbaba sa naibubugang CO₂, na katumbas ng pag-alis ng humigit kumulang 12 milyong sasakyan sa kalsada sa loob ng isang taon; napangalagaang *biodiversity* sa pamamagitan ng pagbabawas ng 19.4 milyong ektarya ng lupang pang-agrikultura noong 2015; at naibsang epekto sa kapaligiran dahil sa 19 porsyentong pagbaba sa paggamit ng kemikal na herbisidyo at insektisidyo. Dagdag pa rito, ang pagtanim ng biotek na pananim ay nakatulong maibsan ang gutom ng mga mamamayan sa mga umuunlad na bansa sa pamamagitan ng pagpapataas ng kita ng 18 milyong magsasaka at kanilang mga pamilya at pagpapabuti ng estadong pinansyal ng mahigit 65 milyong tao.

"Ang bioteknolohiya ay isa sa mga paraan upang makatulong sa mga magsasaka na makapagtanim ng mas marami sa maliliit na lupa," pagbibigay-liwanag ni ISAAA Global Coordinator Randy Hautea. "Subalit, ang potensyal ng mga biotek na pananim ay makakamit lamang kung ang mga magsasaka ay makakabili at makakapagtanim ng biotek na pananim, at makakasunod sa siyentipikong proseso sa pagsusuri at pag-apruba."

Sa pagdami ng mga barayti ng biotek na pananim na inaprubahan at komersyalisado para sa mga magsasaka, inaasahan ng ISAAA na patuloy ang pagtaas ng rate ng *adoption* o paggamit ng biotek na pananim at makapagbigay ito ng benepisyong sa mga magsasaka sa mga umuunlad na bansa. Halimbawa rito ang mga pag-unlad sa estado ng biotek na pananim sa mga bansa sa Afrika sa kabila ng mga regulasyon na karaniwang nagiging hadlang sa paggamit at pagtanim ng biotek na pananim. Sa taong 2016, pinataas ng Timog Afrika at Sudan ang pagtanim ng mais, soybean, at bulak na biotek sa 2.66

milyong ektarya mula sa 2.29 milyong ektarya noong 2015. Sa ibang parte ng kontinente, umuusbong ang pagtanggap sa biotek dahil sa progreso sa regulasyon at pag-apruba sa mga biotek na pananim sa Kenya, Malawi, Nigeria, Ethiopia, Ghana, Nigeria, Swaziland, at Uganda.

“Kahit na may mahabang kasaysayan ng mga hadlang sa regulasyon, ang mga magsasaka sa Afrika ay patuloy na nagtatanim ng biotek na pananim dahil nakikita nila ang kahalagahan nito mula sa biotek na pananim,” ayon kay Hautea. “Habang mas maraming bansa ang umuusbong na nagsasagawa ng pagsusuri sa mga regulasyon para sa saging, cowpeas, at sorghum, naniniwala kami na ang pagtatanim ng biotek na pananim ay patuloy na lalawak sa Afrika at maging sa ibang lugar.”

Sa taong 2016 din lumawak ang total na lawak ng mais, soybean, bulak, at canola na biotek sa Brazil. Kapansin-pansin ang 11 porsyento na pagtaas nito na siyang dahilan upang mapanatili ang bansa na ikalawa sa may pinakamalaking produksyon ng biotek na pananim kasunod ng Estados Unidos. Ang soybean na biotek ng Brazil ang bumubuo sa 32.7 milyong ektarya ng 91.4 milyong ektaryang ng buong mundo.

Sa taong 2016, inireport din ng ISAAA na may mga pag-unlad sa komersyalisasyon at pagtatanim ng mga biotek na prutas at gulay na may direktang benepisyo sa mga consumers o mamimili. Kabilang dito ang ang pag-apruba sa Innate™ Russet Burbank Gen 2 potatoes na inaprubahan ng US Food and Drug Administration para ilabas sa merkado sa Estados Unidos at sa Simplot Gen 1 White Russet™ brand potatoes na inaprubahan namam ng Health Canada para sa merkado ng bansa. Ang mga nasabing barayti ng patatas ay may pinababang lebel ng *asparagine*, na nagpapababa ng paggawa ng *acrylamide* habang niluluto sa matinding init. Dagdag pa rito, ang unang Arctic® Apples ay inani noong 2016 at inaasahang ilalabas sa merkado sa taong 2017.

Karagdagang *highlights* mula sa ISAAA 2016 report:

- Umabot sa 185.1 milyong ektarya ang total na lawak ng biotek na pananim sa buong mundo sa taong 2016; mas mataas kumpara sa 179.7 milyong ektarya noong 2015, kung kailan mababa ang pagtatanim ng mga biotek na pananim, at 181.5 milyong ektarya noong 2014.
- Sa taong 2016, dalawampu't anim na bansa ang nakapagtanim ng biotek na pananim; Labinsiyam dito ang umuunlad (*developing*) at pito ang mauunlad (*industrial*) na bansa. Ang mga umuunlad na bansa ang nakapagtanim ng 54 porsyento ng biotek na pananim samantalang 46 porsyento naman ang naitanim ng mga mauunlad na bansa.
- Walong bansa sa Asya at Pasipiko, kabilang ang Tsina at India, ang nakapagtanim ng biotek na pananim na may lawak na 18.6 milyong ektarya sa taong 2016.
- Sampung bansa sa Latin Amerika, kabilang ang Paraguay at Uruguay, ang nakapagtanim ng biotek na pananim na may lawak na 80 milyong ektarya sa taong 2016.

- Sa taong 2016, ang mga nangungunang bansa sa pagtanim ng biotek na pananim ay ang Estados Unidos, Brazil, Argentina, Canada, at India. Ang total na lawak ng taniman ng biotek na pananim ng limang bansa ang bumubuo ng 91 porsyento nga total na lawak ng biotek na pananim sa buong mundo.
- Apat na bansa sa Europa – Espanya, Portugal, Czech Republic, Slovakia – ang nakapagtanim ng 136,000 hektarya ng biotek na mais sa taong 2016; 17 porsyentong pagtaas mula sa datos noong 2015. Pinapakita nito ang pangangailangan ng EU sa mais na resistant sa insekto.
- Ang mga biotek na pananim na may “*stacked*” (maraming) katangian (*traits*) ang bumubuo sa 41 porsyento ng total na lawak ng biotek na pananim sa buong mundo; pumangalawa ito sa mga pananim na herbicide tolerant na 47 porsyento naman ng total na lawak.
- Ang mga uri or *variety* ng soybean na biotek ang bumubuo sa 50 porsyento ng total na lawak ng biotek na pananim sa buong mundo. Base sa total na lawak ng indibidwal na pananim sa buong mundo, 78 porsyento ng soybean, 64 porsyento ng bulak, 26 porsyento ng mais, at 24 porsyento ng canola ay mga barayti na biotek.
- Ang mga bansang may higit sa 90 porsyento ang paggamit ng soybean na biotek ay ang Estados Unidos, Argentina, Canada, Timog Afrika, at Uruguay; may humigit kumulang 90 porsyento ng paggamit ng biotek na mais ang Estados Unidos, Brazil, Argentina, Canada, Timog Afrika, at Uruguay; may higit 90 porsyento ng paggamit ng biotek na bulak ang Estados Unidos, Argentina, India, Tsina, Pakistan, Timog Afrika, Mexico, Australia, at Myanmar; at may 90 porsyento paggamit ng canola ang Estados Unidos, at Canada.

Para sa mga karagdagang impormasyon o akses sa executive summary ng report, bisitahin ang www.isaaa.org.